# BAIT

dulang may isang yugto

BUOD

Magsisimula ang dula matapos ang isang insidente sa isang Catholic school:

May batang Kristiyanong nam-bully sa una't kaisa-isang Muslim na estudiyante ng paaralan, sa pamamagitan ng pagsira sa Qur'an na dala niya. Sa bugso ng mapagsampalatayang galit, matutulak ng Muslim ang batang Kristiyano mula sa ikatlong palapag ng eskuwelahan. Magiging critical ang Kristiyanong bata sa ospital.

Ang dula ay nakasentro sa pag-uusap ng Magulang ng batang Muslim, at ng isang Guro ng paaralan. Pagdidibatihan nila ang hinggil sa moralidad, sa pananampalataya, sa batas, sa kung sino ang talagang dapat managot.

Makukuha nila ang balita, na ang batang Kristiyanong nag-aagaw-buhay sa ospital – ay yumao na.

Mapipilitan ang Magulang at Guro na tanggaping wala nang ibang magagawa kundi magkapatawaran.

Uuwi na ang Magulang sa kaniyang anak at asawa –

Nang biglang darating sa labas ng tanggapan ang magulang ng Kristiyanong bata. Maglalabas ito ng baril, at babarilin ang Magulang na Muslim – na mamatay sa mga bisig ng Gurong tulalang-tulala.

MGA TAUHAN

GURO

MAGULANG

(SA PAGBUKAS NG ILAW: Sa tanggapan ng Guro.
May relo sa pader, a las kuwatro.
May mesa.
May pinto sa kanan, nakasara.
Nakaupo sa magkabilang panig ng mesa ang GURO at ang MAGULANG.
Matagal-tagal at tensiyunadong katahimikan, nakatingin lamang ang Magulang sa Guro.
Nasa gitna sila ng mainit na usapan.)

MAGULANG

Pa'no kung naniniwala kami na mas mahalaga 'yon kesa sa buhay ng bata?

(Matutulala ang Guro sa nasabi ng Magulang.)

GURO

Hi – hhh - Hindi na yata tama 'yon, sir.

MAGULANG

Bakit? KAYO ang nagsasabi kung ano ang tama at mali?

GURO

Sir naman, parang. Debate na yata ‘yan ng mga...mga “pilosophical” na bagay ho -

MAGULANG

Nakakainsulto’ng tono mo - bakit hindi tama?

(Puwang. Lalong mamamangha ang Guro sa Magulang.)

GURO

SIR. BUHAY NG BATA ang pinag-uusapan dito, sir. Ng DALAWANG bata. May – may mas mahalaga pa ba kaysa ro’n, sir - ?

MAGULANG

Meron.

GURO

ANO HO?

(Puwang.)

GURO (cont’d)

Mas mahalaga kaysa ro’n - Tulad ho ng ano? ANO - ?

MAGULANG

Ang, ang dignidad. Ang.

(Puwang.)

Dignidad. Ng relihiyon namin.

GURO

(sinusubukang intindihin ang nasabi ng Magulang.)

Ng RELIHIYON ni’yo?

MAGULANG

Oo. Namin.

GURO

Ng relihiyon ninyo. Naririnig ni’yo ba’ng sarili ni’yo -?

MAGULANG

Rhetorical question ba ‘yon -?

GURO

Sir, mula nang nag-grade one dito ang anak ni'yo, sinikap naming lahat na galangin ang relihiyon niya.

MAGULANG

"Sinikap?"

GURO

May express command pa galing kay Father Rector sa Hekasi Department na dagdagan ng emphasis ang kasaysayan ng Islam bilang first Muslim pupil po namin si Ahmad -

MAGULANG

Emphasis, galing sa mga librong kayo rin ang nagsulat –?

GURO

Sir. Sir. Hindi – hindi na ho 'to usapin ng diskriminasiyon laban sa relihiyon ninyo, sir.

MAGULANG

Ano'ng SINABI mo? Hindi 'to tungkol sa diskriminasiyon laban sa relihiyon namin – ? Kung hindi 'to diskriminasiyon, pa'no nagawa ng batang 'yon sa –?

GURO

Sir, tulad ho ng anak ninyo, ‘yung bata, si John Paul de los Santos, ay twelve years old pa lamang. Bata lang ho ‘yon, limited ho ang culpability ng nagawa niya –

MAGULANG

Paanong limited, napaka-specific ng intensiyon niya – bastusin ang relihiyon ng aking anak - at napaka-calculated ng pinili niyang hakbang – ang Qur’an ng –

GURO

Naghihingalo po si John Paul sa ospital. Dahil sa nagawa ng anak ni’yo.

MAGULANG

Higit pa d’yan ang pinaglalaban ko –

GURO

Ano ho’ng higit -? SIR: Sinasabi ni’yo bang diretsahan na mas mahalaga ang - ano’ng sabi ni’yo? “Dignidad ng relihiyon” ninyo kaysa sa buhay ng batang nakaratay sa - sa –

MAGULANG

Ewan ko! Basta mahalaga sa ‘min ‘yon. Mahalaga rin ‘yon, dahil do’n nakataya ang mga kaluluwa namin.

GURO

GRANTED, pero pa’no ho ang batas?

(Puwang.)

MAGULANG

Batas?

GURO

(Iiling.)

Muntik nang mapatay ng anak ni’yo ang estudyante namin.

MAGULANG

(Mapapatayo.)

OO! Oo nga!

(Puwang.)

MAGULANG (cont’d)

Ng estudiyante NI’YO, na nag-DESECRATE - na bumaboy - sa Banal na Aklat ng anak ko na ginagamit niya sa pagsamba. Hindi ba mahalaga rin ang batas na ‘yon? Batas ng langit ‘yon. Batas ng relihiyon namin ‘yon. Nasusulat sa hadith na hindi dapat lapastanganin ang Mga Salita ni Allah – SIR.

(Puwang.)

MAGULANG (cont’d)

Binabalot pa ng anak ko ang Al-Qur’ang iniregalo ko sa kaniya, binabalot pa niya sa tela, sa telang hinabi ng lola niya, ng aking ina; naghuhugas pa siya ng kamay bago humawak n’on. At ano’ng ginawa n’ung ‘studyante ni’yo? Inihian? INIHIAN DINURAAN PINAGPUPUNIT ng estudyante ni’yo ‘yung Qur’an ng anak ko, at. Na - nasa karapatan ng anak kong ipagtanggol iyon. Ang Librong iyon. Sa maski na ANONG paraang tama para sa kaniya.

GURO

At kung naisip niyang paraan –

MAGULANG

- bilang tapat at masunuring Muslim -

GURO

Pa’no kung naisip niyang paraan e manakit - hi- hindi lang manakit: Ilagay sa panganib ang - ang buhay ng iba?

(Puwang.)

MAGULANG

Hindi ni'yo ba tungkulin din na i-align ang value system ng edukasiyon niyo sa value system namin, sapul nang tanggapin ninyong estudiyante ang anak ko? Malinaw sa relihiyon namin na mas mahalaga, nang walang-alinlangan, mas mahalaga ang pagtatanggol sa dignidad ng aming pananampalataya, higit sa kahit na ano sa buong mundo. Sa sandaling lapastanganin ang mga tinatrato naming banal, wala nang mas -

GURO

Patawad, sir, pero lapastanganin na'ng LAHAT ng paniniwala nating lahat, ipagsama-sama pa 'yan, HUWAG NA HUWAG mo lang ilalagay sa alanganin ang buhay ng isang tao, ang buhay ng isang bata, na kung tutuusin e wala pang kamalay-malay sa mga pinaggagawa niya dahil bata pa nga -

MAGULANG

(hahampasin ang mesa)

Tanggap mo 'yan, ako hindi!

(Puwang.)

MAGULANG (cont'd)

Ang anak ko, hindi! Kaya niya nagawa sa kaklase niya 'yon.

GURO

Ano ba – sir? Ho.

(Puwang.)

GURO (cont'd)

Ano po ba - ano ba talaga'ng gusto ni'yong mangyari? Gusto ni'yo bang huwag ituloy ni Mr. at Mrs. de los Santos ang kaso?

MAGULANG

(iiling)

Hhhhi...hhhi....

(Puwang.)

MAGULANG (cont'd)

Hindi ni'yo naiintin....Hhhh...

(Puwang. Iiling ang Magulang.

Matagal na katahimikan.)

MAGULANG (cont'd)

Isang malaking insulto sa 'min 'yung ginagawa ni'yo.

(Puwang.)

MAGULANG (cont'd)

Sa anak ko.

(Puwang.)

MAGULANG (cont'd)

Sa amin.

(Puwang.)

MAGULANG (cont'd)

Sa buong relihiyon namin.

(Puwang.)

MAGULANG (cont'd)

Bakit ni'yo parurusahan ang anak ko dahil sa pagtatanggol sa kaniyang relihi -?

GURO

SIR SIR ipe-perspective ko lang ho nang tama a: Hindi po kami ang nagsasampa ng kaso, sir. Hindi po ang eskuwelahan. Hindi po 'yung principal. Sa totoo nga po, kahit

GURO (cont’d)

kami sa faculty, wala pa kaming napapasang formal case, dahil alam na alam namin kung ga’no kasensitibo ‘yung usapin. Alam namin - kita namin - na lampas na ‘to sa GROUNDS sa sa sa grounds sa jurisdiction ng handbook namin.

(Iaangat upang tukuyin ang handbook na nasa mesa.)

MAGULANG

At ano’ng nakasulat d’yan sa handbook ni’yo tungkol sa pambabastos sa Islam? Sa Qur’an?

GURO

Wa...Wala po.

MAGULANG

E sa desecration ng kapilya ni’yo?

GURO

Ho...?

(Mag-iisip nang matagal.)

MAGULANG

Nasa discipline committee ka, dapat alam mo ‘yan –

GURO

Suspension ho. For grave cases, expulsion.

MAGULANG

At sa desecration ng Qur’an?

(Hindi tutugon ang Guro.)

MAGULANG (cont’d)

Sabihin mo!

GURO

Wala po.

MAGULANG

(hindi iimik, titingin lamang sa Guro)

GURO

Hindi naman po kami bulag, mga bato. May simpatiya po kami, sa parehong panig -

MAGULANG

E ano’ng magagawa namin sa simpatiya ninyo? Masisiguro ba niyan, sir, na makakakabalik ang anak ko sa eskuwelahan, nang hindi binabantaan kaliwa’t kanan ng mga kaklase niya na natuto nang magalit sa mga Muslim? ng ibang teacher niya na ang tingin sa kaniya ay mamamatay-tao? Sa records ng anak ko na buong-buhay nang may dungis, nang walang nakapaliwanag d’on na nagawa niya ang krimen dahil sa pagtatanggol sa kaniyang relihiyon – Masisiguro ba niyang “simpatiya” ni’yo na makakapagpatuloy pa si Ahmad ng pag-aaral niya?

GURO

(Sotto voce)

Baka nga kailangan ni’yong i-pull out ang anak ninyo -

MAGULANG

ANO! ANO! KAM - KAM - SIYA? SIYA PA! SIYA PA NGAYON ANG – ‘YAN BA’NG NAKASULAT D’YAN SA PUTANG INANG HANDBOOK NI’YO!?

(Itutulak ng Magulang ang handbook at mahuhulog ito sa sahig. Pupulutin ito ng Guro.)

GURO

Sir sir sir - sana po - sir, kaunting hinahon, Sir, nakikiusap ho ako.

(Puwang.)

GURO (cont’d)

Sana po nakikita ni’yo ang parehong panig – may, may isang bata, sa, nakaratay sa higaan ng ospital, nag-aagaw-buhay -

MAGULANG

Dapat lang sa kaniya ‘yon!

(Puwang.)

GURO

(hindi na makapagpigil; tatayo rin)

KAYO ANG MAY-SABI NIYAN!

(Matagal na katahimikan.)

GURO (cont’d)

HINDI NAMIN MATATANGGAP ‘YAN, SIR. HINDI. Tao ‘yon, sir. Estudyante namin ‘yon!

(Saglit na puwang.)

MAGULANG

(mapapaupo)

Sorry. So -

GURO

May pamilya ‘yon, may mga magulang ‘yon! Na gaya ni’yo, walang ibang iniisip kundi -

MAGULANG

Sorry -

GURO

- kabutihan at kapakanan ng anak nila, sir. Hindi lang kayo- SIR. SA TOTOO HO:

(Saglit na puwang.)

GURO (cont’d)

Extremist ba ho kayo, sir?

(Saglit na puwang.)

MAGULANG

Ano’ng sabi mo...?

(Saglit na puwang.)

GURO

‘Yu-‘yu-’yung ganiyang pananaw ho...

MAGULANG

GANITONG pananaw...? Ano’ng ibig mong –

GURO

Sir, hindi ho puwedeng –

MAGULANG

Ano’ng pananaw!

(Saglit na puwang.)

MAGULANG (cont’d)

Ano’ng GANITONG PANANAW?

(Katahimikan.)

GURO

(mapapaupo)

Na mas mahalaga ang relihiyon ni'yo kaysa sa buhay ng bata –

MAGULANG

KAMI kami ang dapat maparusahan dahil kami ang may paniniwala na – Extremist ba 'ko – AT ANO KUNG OO? ANO? KUNG PINAPALAKI KONG EXTREMIST ANG ANAK KO, DAPAT LANG NA TURUAN SIYA NG LEKSIYON, KUNG PAANO MAGING KASINGHINAHON NI'YONG MGA KATOLIKO, GANO'N BA!

GURO

Sir, hindi po –

MAGULANG

(mapapatayo uli)

Hindi. Alam ko na. Alam ko kung bakit mo natanong 'yon. Sa utak mong 'yan, naisip mo, na kung – ano ba'ng salita'ng ginagamit ni'yo ro'n? – PANATISISMO – kung PANATISISMO ang tinuturo namin sa bata, mas maiintindihan mo na – mas maiintindihan NI'YONG LAHAT - kung bakit niya nakayanang gawin ang ginawa niya. Dahil 'yun naman ang mas mahalaga sa inyong lahat, 'di ba? ang panatilihin ang status ng anak ko bilang isang...isang aberasiyon...isang ehemplo ng paglabag sa mga batas ng sosiyedad NINYO para paalalahanan kayo na KAYO ang matino at sibilisado, hindi tulad naming mga atrasado – GANO'N 'YON, HINDI BA!

GURO

Sir, sorry if I have offended you, pero huwag po nating nililito ang usapan – ang kaso ay hindi pagtatanggol ng anak ni'yo sa Diyos. May religion classes ho kami, at kami ang unang magtuturo sa mga bata na gumalang sa mga bagay na sacred at holy - Ang kaso rito, tinulak ho ng anak ni'yo 'yung kaklase niya mula sa third floor at sumalpok ang batok ng kaklase niya sa gutter kaya't ngayon ay nag-aagaw-buhay na. Hindi ho –

(Puwang.)

GURO (cont'd)

Hindi na ho yata 'yon relihiyon.

MAGULANG

Anong hindi! 'Yung ginawa ng anak ko sa batang 'yon, 'yun 'yung pagsunod niya sa relihiyon namin. Sa pananampalataya namin.

(Kakatok sa kaniyang ulo habang sinasabi ang sumusunod:)

MAGULANG (cont'd)

NAIINTINDIHAN MO BA 'YON? - ANO! Takot kang may bomba ako, HA! Na may granada ako sa bulsa!

(Puwang.)

MAGULANG (cont'd)

KUNG IKAMATAY NG ANAK KO ANG PAGTATANGGOL SA PANANAMPALATAYA NIYA, MAGIGING MARANGAL NA KAMATAYAN ‘YON, KAKAGATIN KO'NG LABI KO PARA PIGILAN KO'NG SARILI KONG UMIYAK DAHIL KAMATAYAN ‘YONG HINDING-HINDI DAPAT IPAGLUKSA, gano'n kahalaga ang relihiyon sa amin...

(Mapapaupo ang Magulang, nakatalikod sa Guro, nakatulala sa isang gilid ng kuwarto.

Saglit na katahimikan.)

GURO

Wala ho akong ibang magawa kundi pilitin ang sarili kong galangin ang pananaw ni'yong ‘yan, kahit na para sa ‘kin, at patawarin ni'yo ‘ko sa sasabihin ko, pero para sa ‘kin ‘yan ang PINAKA...

(Saglit na puwang.)

GURO (cont'd)

Pinakamasakit na bagay na puwedeng marinig sa isang magulang - PERO AKO LANG ‘YON sir. Ako lang ‘yon. Sinasabi ko sa inyo ‘yan bilang tao, bilang magulang din - pero

GURO (cont'd)

napipilitan lang akong galangin 'yan - pero sa INYO 'yan. Paniniwala ni'yo 'yan. Hindi 'yan ang paniniwala namin. Hindi 'yan ang paniniwala ng biktima ng anak ni'yo. 'Yun ang totoong tanong dito, sir. Paano kung hindi kami sang-ayon? Paano kung sa tingin namin, wala nang mas mahalaga pa kaysa sa buhay ng bata? Mas, mas, mas mahalaga pa kaysa...sa Islam, sir. Sa sinasabi ni'yong "dignidad ng relihiyon" ni'yo. Masisisi ni'yo ba kami? Masisisi ni'yo ba kami dahil magkaiba tayo ng paniniwala?

(Katahimikan. Tatayo ang Magulang, tatalikod sa Guro.)

GURO (cont'd)

Ginagalang po namin relihiyon ni'yo, pero kung pakay ni'yo e hindi matuloy ang kaso, hindi po ako ang dapat ni'yong kausapin. 'Yung mga magulang po ni John Paul. Kay Mr. and Mrs. de los Santos po. Sa kanila po kayo makipag-ayos –

MAGULANG

(haharap)

Hindi. Wala. Walang pakikipag-ayusan. Pinipilit ni'yo 'kong gawing usapin ng religious discrimination ito. Lahat kayo. Pinipikot ni'yo 'ko. Kami. Lampas na 'to sa kasong administratibo, sa frustrated hom....frustrat - higit na 'to ro'n. Sinilang kaming may takot kay Allah, sir. Hindi gaya ni'yo. Hindi gaya ni'yo. At dahil do'n, dahil do'n, masisisi namin kayo. Oo. Masisisi kayo.

GURO

Kung mamatay ang bata - kung mamatay ang bata, sir - sa takot ni’yo kay Allah, hindi ba kayo magsisi? Na anak ni’yo’ng nakapatay sa batang ‘yon? Kung namatay siya, makakatulog ba kayo? Makakatulog ba si Ahmad?

MAGULANG

Oo. Dahil patunay lang ‘yon na kami ang tama.

(Katahimikan.
Mauupo ang Magulang.)

GURO

Sir -

MAGULANG

(maiiyak)

Hindi ko naman na mababawi’ng nagawa ng anak ko, e. Nasa kamay na ni Allah kung ano’ng mangyayari sa batang ‘yon. Pero - kahit - hindi ako ang ma - Sir.

(Puwang.)

MAGULANG (cont'd)

(magpupunas ng luha)

Sir. Alam ko, naiintindihan mo rin 'yung punto ko.

(Puwang.)

GURO

Hindi po.

(Ibabaon ng Magulang ang mukha niya sa kaniyang mga palad.

Katahimikan.

Pagkuwan, titingnan niya ang Guro.)

MAGULANG

Alam ni'yo ba ang nangyari sa pinsan ni Ahmad, anak ng kapatid ko, si Maajid? Naikuwento ba ni Ahmad sa klase niya?

GURO

Hindi po.

MAGULANG

(tatango)

Mula nang malaman ni Ahmad ‘yung tungkol sa Kuya Maajid niya, pinagbawalan ko na siyang banggitin ‘yon kailanman. Sabi ko, “Dangerous, Ahmad, dangerous.”

N’ung mag-seventeen si Maajid, nakatanggap siya ng scholarship sa Newham College, London. Economics. Dalawa lang sila ang nag-grant-an niyon na taga-South East Asia that year. Pagdating na pagdating ni Maajid sa campus, agad siyang na-recruit sa isang grupo ng mga Muslim communists. Sila ang extremist, hindi kami, Mr. Arevalo. Napansin na lang namin sa mga email ni Maajid na punong-puno siya ng galit. Sa America. Sa Europa. N’ung mangyari ang 9/11, tuluyan na kaming nawalan ng contact kay Maajid. Two years ago, bumalik siyang bigla sa bahay ng nanay niya. After eight long years, nangayayat nang todo, may pekeng passport. Tinulungan daw siya ng Amnesty International. Isa raw siyang reformed Islamist extremist. Pinauwi na raw siya pagkatapos siyang makipag-cooperate sa Interpol tungkol sa pag-breakdown ng kinasalihan niyang grupo sa Newham. Kinuwento pa niya kung paano siya napreso sa Egypt pagkatapos nilang magpasabog ng isang Kristiyanong establisimyento roon. Nakapatay sila ng dalawampung tao. Sa kasagsagan daw ng Iraq war, tinortiyur siya ng mga kapuwa Muslim niya sa Egypt. Nasagip siya ng Amnesty International, tinulungan siya ng mga Kristiyano ro’n. Nagbago’ng pananaw niya sa buhay. Ako’ng kinausap niya, Sir. Sa ‘kin niya pinakita lahat ng mga retrato ng pinagdaanan niya, pinabasa niya sa ‘kin ang dyornal niya n’ung tatlong taon siyang nagtago sa Indonesia. Kahit na bumalik ang bait niya, para bang. Para bang may kulapol na ng, ng galit, ng sakit sa mukha niya. Hindi na nawala ‘yon.

MAGULANG (cont'd)

Minsang nag-raid ang MTRCB sa Greenhills noon, kung sa'n tumulong si Maajid sa mga kababayan niyang Muslim na nagbebenta ng pekeng DVD. 'Yung iba, kinasuhan ng piracy. Siya, tinapon sa Camp Krame, ininterrogate. Hindi namin alam kung pa'no naungkat ang nakaraan niya, pero kinunekta siya sa Jemaah Islamiya. Pagkatapos niyang makumbinsi ang mga sundalo na hindi na siya terorista, umuwi siyang Maguindanao, wasak ang katawan, hinibang halos sa takot. Dinalaw namin siyang pamilya do'n. Una ko siyang nakita, sabi niya sa 'kin, "Sawang-sawa na 'ko. Hindi ako masama."

Naging close sila ni Ahmad, tinuruan niya ang bata tungkol sa Islam. Tungkol sa pagiging mabuting Muslim.

Makaraan ang apat na araw ng pagdalaw namin sa bahay ng lola niya, nawala bigla si Maajid. Paglipas pa ng isang linggo halos, natagpuan namin siyang patay sa bukirin, nakabigti sa puno, nakapasak ang ari sa kaniyang bunganga.

Nagsisi ang batang 'yon, Sir. Nagbagong-buhay. Humingi ng tawad sa gobyerno, sa lahat. Sa Diyos. Kasalanan ba niyang nausog siya sa dilim ng nakikita niyang realidad, na hindi patas ang mundong ito para sa 'ming mga Muslim? Lalo ngayon na wala ka nang ibang marinig tungkol sa 'min kundi gera, terrorism, bomba, langis, jihad.

Nakita ni Ahmad ang bangkay ng Kuya Maajid niya. Hindi ko alam kung ano'ng sasabihin sa bata, Sir. Pa'no ko maipapaliwanag sa kaniya na mabait ang Kuya Maajid niya? Nalihis lang sa daan? Pa'no ko maipaliliwanag na hindi 'yon ang relihiyon namin? Na kathang-isip lang 'yon ng mga brainwasher ni Maajid? Na hindi 'yon ang nakatitik sa aming Al-Qur'an?

MAGULANG (cont'd)

Mula no'n, kahit si Ahmad, nagbago rin. Naagaw ang pagkainosente niya. Namulat siya sa katotohanan, na kinatatakutan kami. Kinatatakutan siya. Niregaluhan ko siya ng sarili niyang Al-Qur'an, naisip ko na kung basahin niya 'to, makikita niya ang totoong Islam.

Ngayon, hindi ko alam kung nakabuti 'yon. 'Yun ang masakit, na sa paggawa ng mabuti sa amin, lalo kaming nilalapit ng mundo sa masama.

GURO

Pinapangako ko po sa inyo, personally, na hinding-hindi ko iiwanan si Ahmad sa pagsubok na ito. Isa po sa pinakamatitino kong estudiyante si Ahmad, napamahal na po sa 'min ang bata. Ang masakit po nito, Sir, e may mga patakaran nang nakalatag na kailangan niyang daanan. Ang mga patakarang 'yon, hindi ko masisiguradong magiging madali para sa kaniya. Nakausap ko ho kaninang umaga ang lawyer ng paaralan, ang sabi po niya, frustrated homicide po ang malamang na isasampang kaso kay Ahmad. Given the circumstances, at bilang limited ang culpability ng bata, sa malamang ay ibababa ng korte ang kaso sa serious physical injuries. Provided na wala nang mas masaklap pang mangyayari kay John Paul, Lord willing. Kayo rin po ay maaaring idawit sa pagsampa ng civil case, vicarious liability.

MAGULANG

At kayo?

GURO

Ang paaralan ho?

MAGULANG

Oo.

GURO

Mayro'n kami sa batas na special parental authority, kaya liable ang administration ng paaralan for damages, pati na rin sa kakulangan ng pag-enforce ng Anti-Bullying Act.

MAGULANG

Ano'ng mangyayari kay Ahmad?

GURO

Intervention. Hinding-hindi po makukulong si Ahmad, he's only a minor. Baka mamagitan ho ang DSWD –

MAGULANG

At darating sila sa kongklusiyon, na kunektado sa kaso ni Maajid, at sa istrikto naming pananampalataya, ay tatawagin nila kami – gaya mo – bilang mga extremist. Ire-rehabilitate ang bata mula sa 'min –

(Maiiyak ang Magulang.)

MAGULANG (cont’d)

Palilibutan kami ng media. Hinding-hindi na matatahimik buong buhay ang Ahmad ko...dahil – dahil ginawa niya ang pinaniniwalaan niyang tama.

(Magha-hyperventilate ang Magulang.)

GURO

Sir – sir, can I get you something to drink?

(Lalabas ng pinto ang Guro sandali. Maiiwang mag-isa at nahihibang halos sa pag-iyak ang Magulang.

Babalik ang Guro na may dalang baso ng tubig, iaabot ito sa Magulang, na iinom.)

MAGULANG

(matapos uminom)

Samantalang kayo? May makukulong ba sa inyo?

GURO

Sir?

MAGULANG

May makukulong ba sa inyo?

GURO

Wa – wala po.

MAGULANG

Magbabayad lang kayo ng danyos, gano'n?

GURO

Hindi lang ho gano'n kadali –

MAGULANG

Pues ano pa? Pa'no kayo magbabayad sa pagkukulang ni'yo?

GURO

Sir...Bilang guro, habam - hindi ko - matagal bago ko mapatawad ang saril - bilang FACULTY - LAHAT KAMI - hindi namin 'to basta-basta malalampasan nang -

MAGULANG

Dahil kayo talaga ang nagkulang, hindi ba?

(Puwang.)

MAGULANG (cont’d)

Umaamin ka?

(Puwang.)

MAGULANG (cont’d)

Ha?

(Puwang.)

MAGULANG (cont’d)

Inaamin mo. Na bilang guro. Kayo - kayo - nagkulang kayo?

GURO

Oho -

MAGULANG

At sa pagkukulang ni’yong ‘yan - Sa - anak ko - ANAK KO? Ang dapat parusahan. Sa pagkukulang NI’YO!

GURO

Sir – hindi lang po kami ang nagkulang! Masakit po ang – Sir. Sa kasong ito, ang pagkakamali ng mga anak natin e pagkakamali nating lahat. Lahat tayo ang nagkulang dito. Lahat tayo ang may-kasalanan!

MAGULANG

Pues bakit hindi TAYONG LAHAT ang mananagot?

GURO

HINDI KO HO ALAM! Maniwala ho kayo sa ‘kin, bawat isa sa mga batang ‘yan e kasinghalaga ng sarili naming mga anak. Bawat isa. Hindi ho kayo guro kaya hindi ni’yo ho alam ‘yan. BAWAT ISA SA KANILA, handa naming ipagtanggol hanggang kamatayan. Maniwala kayo sa ‘kin, tao sa tao, sinasabi ko ho sa ‘yo. Ano pang mas sasamang parusa sa lahat kaysa nangyari nga ang nangyaring ‘yon? SIRA NA ang buhay naming lahat, Sir. Ni isa sa ‘min ang may alam kung pa’no lalampasan ang karanasang ‘to nang buo at buhay – kugn gusto ni’yo kaming lahat mag-resign, maniwala kayo, hindi ho mahirap sa ‘min ang gawin ‘yon.

Isang bagay lang ho sana’ng paniwalaan ni’yong sasabihin ko, at alam ko ito dahil binuhos ko ang buhay ko sa mga bata: Sir: Hindi ho sila mga robot, mga mangmang. Magiging napakalaking kawalang-hustisiya kung isipin ninyong walang-malay si Ahmad. Tama kayo n’ung sinabi ni’yong ginawa ‘yon ni Ahmad dahil ‘yun ang pinaniniwalaan niyang tama. Sa masama man o sa mabuti, these children are aware and responsible. I, I have never condescended to these children, I have never seen

GURO (cont'd)

them as mindless. Buong dalawampu't limang taon ko sa pagtuturo, Sir, 'yan ang natutuhan ko: may sariling konsensiya ang mga bata, na kailangan nating pangalagaan. Inosente sila, oo, pero alam nila ang ginagawa nila. Hindi ko sinasabing masama si Ahmad – isa siyang napakabuting bata – pero napakalakas ng magiging guilt ng bata dahil ALAM NIYA ANG NAGAWA NIYA. Lahat tayo, kailangang managot sa mga ginagawa natin. Kung kami lang ang may kasalanan, tinatanggalan ni'yo ng kamalayan si Ahmad. Ngayon pa namang ang pinakaimportante sa lahat ay mapaalala natin sa kaniya na MAY MALAY SIYA at kaya niyang mabuhay nang matatag at MAG-ISA!

Hindi dapat tayo tumuon sa paninisi – rathen, ituon natin ang energies at compassion natin sa pagsiguro na hindi lamunin ng pagsisisi si Ahmad, na – na – na maalala niyang mas mahalaga siya kaysa sa pagkakamaling ginawa niya –

MAGULANG

(mapapatayo)

At habang himbing na himbing ang tulog ni'yo sa prinsipyo ni'yong 'yan, heto pa rin ang relihiyon namin – talunan, winalanghiya, sinakdal at kailangang managot!

GURO

Ang relihiyong hindi matiis ang mahamak para sa ikabubuti ng tao e HINDI TUNAY NA RELIHIYON -

(Aamba ang Magulang, wari'y susuntukin ang Guro - ngunit hindi niya itutuloy.

Umilag ang Guro, handang tanggapin ang dagok.

Katahimikan.)

GURO

Patawarin ni'yo 'ko, Sir.

(Matagal na katahimikan. Mauupo uli ang Magulang.)

GURO (cont'd)

Ano po'ng maitutulong ko sa inyo.

(Puwang.)

MAGULANG

Tulungan mo 'kong protektahan ang anak ko. Patulong, sir. Nata - natatakot ako sa.

(Matitigilan.)

MAGULANG (cont'd)

Para sa anak ko, Sir...Tulungan mo 'kong ipaliwanag sa lahat na hindi nagkasala ang anak ko. At hindi - hindi - ayoko ng - hindi, ayoko ng alanganing rason. Ayokong mag –

MAGULANG (cont'd)

mag-iwan ng puwang na para bang - para bang kami ang nagmamakaawa. Kami ang KAILANGANG INTINDIHIN. Dahil isumpa ko man ang KALULUWA KO AT LAHAT, LAHAT-LAHAT! Wala. Walang gilid, walang sulok sa PUSO sa UTAK ko kung saan naki - nakikita kong nagkamali ang anak ko. Ito kami. Walang saysay ang lahat sa 'min kung hindi rin lang para sa, sa pananampalataya namin. Intindihin ni'yo 'yon. Bastusin ni'yo 'yon, babuyin ni'yo 'yon - kailangan ni'yong managot. Dahil gaganti kami. Saktan mo ang pamilya ko, sasaktan kita. Saktan mo ang relihiyon namin - sasaktan kita. At hindi mali 'yon. Nasa tama 'yon. TAMA 'YON. Kahit ano pang batas ang iharap ni'yo sa 'min - kahit - kahit iharap ni'yo kami sa magulang ng batang 'yan na nag-aagaw buhay - maniwala kayo - makikiluksa kami, bilang magulang din. PERO BILANG – MGA MUSLIM - wala kaming - walang pangingimi. Alam namin na 'yon - MAKATURANGAN. MAKATARUNGAN 'YON. - 'Yan, 'yan - Tulungan mo 'kong ipaintindi 'yan sa iba. Sa korte. Sa media. Sa lahat. At ayaw namin - hindi namin matitiis na sa mata ng lahat, kami ang mali. Dahil may mas mahahalagang bagay kaysa sa buhay ng tao. Meron.

GURO

'Di ko ho alam kung pa'no gagawin 'yan.

MAGULANG

(tititig nang matagal sa Guro)

Bakit ba ikaw ang kausap ko? Bakit ikaw ang pinakausap sa 'kin? Hindi mo alam - WALA KANG ALAM - Ipakausap mo 'ko sa iba, d'un sa may alam HINDI BA KAYO

MAGULANG (cont'd)

NATATAKOT!? Akala ni'yo ba anak ko lang ang nagalit sa ginawa sa Qur'an niya! Akala ni'yo ba kami lang, anak ko lang - KAMI LANG ang gagawa ng nagawa niya? Hindi ni'yo ba alam na kapag umabot 'tong kuwento 'to sa - TINGNAN NATIN kung hindi kayo dumugin ng mga - diyan sa labas ng parking lot ninyo, dudumugin kayo - NASA PELIGRO KAYO. DADALUHUNGIN KAYO NG GALIT AT POOT NI ALLAH AT IKAW ANG PINAKAUSAP SA 'KIN. HINDI MO ALAM!

GURO

Hindi kami takot sir. Dahil may Diyos din kami.

(Puwang.)

MAGULANG

'Di ba tinuturo ni'yo sa mga bata 'yung "character," 'yung pagiging mabait na tao? Kayo, bakit, bakit hinahayaan ni'yong tao, tao lang, ang magsabi kung ano ang 'mabait' para sa inyo? 'Yan ang HINDI ko maintindihan sa inyong mga Kristiyano. Kami, wala kaming tiwala sa tao, hindi mabait ang mga tao, hirap silang maging mabait, kaya bakit turo nila ang pagkakatiwalaan? Bakit tao'ng pinaniniwalaan ni'yo tungkol sa kung ano ang mabait? Kami, naniniwala kami na si Allah ang nagsasabi sa 'tin kung ano ang pagiging mabait, 'yun 'yung kabaitang tinuturo namin sa mga anak namin. Kayo? Ano'ng kabaitan ang tinuturo ni'yo, anong klaseng kabaitan? 'Yung nagtitiis lang, 'yun ba'ng mabait sa inyo, nagtitiis habang, habang inaabuso kayo, habang minamaltrato

MAGULANG (cont'd)

kayo ng ibang tao, 'MABAIT' ba 'yon? Hindi 'yon ang tinuro Niya sa 'min. Ang tinuro Niya, hindi Siya dapat lapastanganin, hindi kami dapat pumayag na may lumapastangan sa KANIYA. Tungkulin namin Siyang ipaglaban dito sa lupa. 'Yon ang kabaitan. Hindi kayo sang-ayon alam ko pero bakit kami ang dapat lumuhod sa, sa, sa -

(Puwang.)

MAGULANG (cont'd)

Sa mahina, lampa, sa DUWAG - na kabaitan ni'yo?

(Katahimikan.)

MAGULANG (cont'd)

Nagdadasal ka ba, Sir?

GURO

Ho?

MAGULANG

Nagdadasal ka ba?

GURO

Oho. Araw-araw.

MAGULANG

Tingin mo, mabait ka?

GURO

May pagkukulang ako, pero - oho.

MAGULANG

Napag-iisipan mo ba ang buhay, sir?

GURO

Hhha-a-ahhh...Oho.

MAGULANG

Sagutin mo nga ‘ko, sir:

(Puwang.)

MAGULANG (cont’d)

‘Yun lang ba’ng pagiging MABAIT? ‘Yung tanggap mo, hahayaan mo - tanggap mo na, na biktima ka lang, magiging biktima ka lang ng iba? Ng masasama? Para sa inyo kasi,

MAGULANG (cont'd)

ang dapat ginawa ng anak ko - n'ung INIHIAN, DINURUAN, TINAPAK-TAPAKAN, PINUNIT-PUNIT 'yung Aklat namin - para sa inyo, wala pa rin siyang karapatang saktan 'yung batang gumawa n'un. 'DI BA? WALA SIYANG KARAPATANG SAKTAN 'YUNG BATA KAHIT PAGKATAPOS NG GINAWA SA AKLAT NG ANAK KO, NA TINURO NAMIN SA KANIYANG MAHALIN, PROTEKTAHAN, KAHIT KAPALIT NG BUHAY NIYA. 'Yun ang mabait para sa inyo, dapat - Ano.

(Saglit na puwang.)

MAGULANG (cont'd)

Ano ba'ng dapat GINAWA NIYA? Nireport niya? Sinumbong niya. Sa 'yo? Ikaw? Kayo? Ang "bahala"? Kayo magpapataw ng parusa, para sa salang ginawa n'ung batang 'yon - laban sa LANGIT? KAYO?

(Puwang.)

MAGULANG (cont'd)

Sumagot ka: 'Yun ba dapat? Kayo? Padadala ni'yo sa guidance counselor ang anak ko, tapos, kung ano'ng sabihin sa kaniya ng titser, 'yun ang dapat gawin niya, DAPAT NIYA PALANG KALIMUTAN kung ano'ng sinabi ng LANGIT sa 'min SA PAMAMAGITAN ng mga SALITA sa Librong 'yon tungkol sa dapat gawin sa mga taong YUYURAK

MAGULANG (cont'd)

LALAPASTANGAN MAMBABASTOS sa Kaniya? Sa PANANAMPALATAYA ng anak ko. KAYO? KAYO ANG MAGSASABI KUNG ANO TAMA, ANO MALI?

(Magkikibit-balikat ang Guro.
Katahimikan.)

GURO

Sir, kung ginawa namin nang tama'ng trabaho namin. Naagapan sana. Hindi sana gumanti'ng anak ni'yo nang gano'n. Hindi sana nahulog ang kaklase niya mula sa third floor, at lumanding sa gutter. Hindi sana naghihingalo ang bata, sir. Tao po kayo, kaya aaminin ko na po: hindi masusunod ang utos ng Diyos ni'yo, mababastos ang relihiyon ni'yo, pero maliit na bagay kumpara sa batang buong-buhay mababaldado.

(Katahimikan.

Magri-ring ang cellphone ng Guro sa bulsa niya. Ilalabas niya ito at sasagutin.)

GURO

(sotto voce)

Ma’am...? Ho? Opo - ano ho?....Gano’n ba? Ngayon lang ho?....Talaga...? Oho. Sige po. Actually...Kasama ko po...Sige ho, mag-meeting na lang ho tayo mamaya. Sige Ma’am...Sige po Ma’am...Wala...Sige ho.

(Kakausapin ng Guro ang tao sa cellphone nang matagal-tagal, sa gilid ng kuwarto. Nakatalikod siya sa Magulang. Hindi natin maririnig ang pinag-uusapan nila.

Pagkuwan, ibababa niya ang cellphone.)

GURO (cont’d)

Namatay po ‘yung bata. Namatay po si John Paul.

(Puwang.)

GURO (cont’d)

Kanina pa palang a la una.

(Mapapaluhod ang Magulang, magtatakip ng mukha gamit ang mga kamay, saka magdarasal sa sahig.

Matagal na katahimikan.

Pagkuwan, tatayo ito, ngunit mahihirapan - kaya't aakayin ng Gurong tumindig, at pauupuin muli.

Mauupo na ngayon ang guro sa upuang katapat ng sa Magulang; magkaharap na sila.

Hahawakan ng Guro ang kamay ng Magulang.)

GURO (cont'd)

May. May nabasa po ako noon...Sa libro. Noon daw, 'yung Diyos, gumawa siya ng - ginawa raw niya 'yung dalawang tao. Bale may dalawang tao raw. Isang mahirap, isang mayaman. 'Yung mahirap, walang-wala raw talaga. Walang pagkain, walang damit, walang bahay. Tapos isang araw, nagpadala raw 'yung Diyos ng bagyo, malakas na bagyo, tinangay raw ng bagyo 'yung lahat ng ari-arian n'ung mayaman, natangay raw papasok sa, sa lungga n'ung mahirap. Tapos, de bale, baliktad na sila. 'Yung mahirap

noon, mayaman na ngayon; 'yung mayaman, naging mahirap. Pinanood ng Diyos kung ano'ng mangyayari. 'Yung mayaman na naging mahirap, naglakad-lakad, naghahanap ng makakain, ng materyales para gumawa ng bahay, ng damit. Walang-wala na siya, e. Tapos, nakita niya 'yung lungga ng mahirap noon na mayaman na ngayon. Nainggit siya. Nakita niya ang daming kuwan - ang daming ari-arian n'ung mahirap. Kaya n'ung gabi, ninakawan niya 'yung mahirap. Ng pagkain. Ta's umuwi siya sa bahay niya, kumain siya. Paggising, nakita n'ung mahirap na ninakawan siya. Sabi niya, "'Di bale, mahirap naman ako noon, may natitira pa naman sa 'kin ngayon. Patawarin ko na."

Sunod na araw, gano'n ulit. Ninakawan ng mayaman 'yung mahirap. Damit naman. N'ung nakita n'ung mahirap, sabi niya, "'Di bale, mahirap naman ako noon, may natitira pa sa 'kin ngayon. Patawarin ko na." Tapos, next day, gano'n uli. Ninakaw ng mayaman 'yung mga - mga materyales panggawa ng bahay n'ung mahirap. Sabi n'ung mahirap uli, "'Di bale na, mahirap naman ako noon, may natitira pa sa 'kin ngayon. Patawarin ko na." Sunod naman, alahas, tapos, tapos mga libro. Ayun uli.

Bigla, sabi ng Diyos, "Magpapadala ako uli ng bagyo." De binagyo uli sila. Pero ngayon, namatay silang pareho.

Sa langit, kinausap ng Diyos 'yung mahirap. Sabi niya, "N'ung ninakawan ka ng pagkain, ano'ng ginawa mo?"

"Nagpatawad po."

"Nung ninakawan ka ng damit, ano'ng ginawa mo?

"Nagpatawad po."

"Nung ninakawan ka ng materyales, ng alahas, ng libro, ano'ng ginawa mo?

GURO (cont'd)

"Nagpatawad po."

"Nagpapasalamat ka ba dahil nagpatawad ka?"

"Opo."

"Bakit?

"Dahil papasok po ako ng langit."

Pumasok nga siyang langit.

Sunod namang kinausap ng Diyos 'yung mayaman.

"Nung nagnakaw ka ng pagkain, ano'ng nangyari sa 'yo?"

"Pinatawad po," sabi n'ung mayaman.

"E nung nagnakaw ka ng damit?"

"Pinatawad po."

"Nung materyales, nung alahas, nung libro?"

"Pinatawad po."

"Nagpapasalamat ka ba dahil pinatawad ka?"

"Opo."

"Sige," sabi ng Diyos, "pumasok ka ng langit."

Nagkita sa langit 'yung mahirap tsaka 'yung mayaman. Nagreklamo siyempre 'yung mahirap. "Diyos," sabi niya. "Bakit nandito 'yung mayaman, kahit na nagnakaw siya sa 'kin?"

Sumagot 'yung Diyos, "dahil sa kaniya, nagpatawad ka."

"E wala naman pong patatawarin kung walang nagkasala."

GURO (cont’d)

Sumagot ‘yung Diyos. Sabi niya, “Dapat siyang pumasok ng langit kasi naintindihan na niya ang pagpapatawad, kahit na siya ang nagkasala.

Ngayong alam ni’yong pareho kung pa’no magpatawad, ako naman ang magtatanong sa inyo: N’ung nagpadala ako sa inyo ng bagyo, ano’ng nangyari sa inyo?”

Sumagot silang pareho, “Namatay po.”

“Tanong:” sabi ng Diyos. “Mapapatawad ni’yo ba ako?”

(Puwang.)

GURO (cont’d)

Hindi ko ho naintindihan kung ano’ng ibig sabihin n’ung ending. Noon. Pero ngayon, parang.

(Puwang.)

MAGULANG

Sir. Parurusahan nila’ng anak ko. Kawawa ‘yung anak ko. Parurusahan ‘yon, ‘di ba? SIR.

GURO

Tutulungan ko ho kayo, hangga’t makakaya ko. Kausapin po natin ang magulang n’ung bata. Sir.

MAGULANG

“Walang patatawarin kung walang nagkasala.” Tama ka. Kaso. May sarili kayong mga - mga batas na - hindi namin ‘yan batas. Nagsimula lahat ng ‘to dahil nilabag ‘yung batas namin. ‘Di ba ho? ‘Di ba, sir? Dapat batas din namin ‘yung magsasabi kung ano’ng dapat mangyari sa anak ko - kawawa ‘yung KAWAWA NAMAN ANG ANAK KO...

GURO

Patawad ho, Sir. Kailangan nating magkapatawarang lahat, sir. ‘Yun lang. Kung hindi natin gagawin ‘yon, paikut-ikot lang tayong lahat - hindi ‘to matatapo - wala. Mawawalan ng - ng...Kakausapin po namin sila. Kailangan - hindi puwedeng - hindi puwede kayong magtigas-tig - hindi puwedeng kayo ang naka-nakaopensa. Hindi kayo sang-ayon pero gano’n ang mundo. Hindi - hin -

MAGULANG

PAGPAPATAWAD. ‘Yan ang sinasabi mo? PERO SINO? SINO ANG UNANG DAPAT HUMINGI NG TAWAD? Dahil malinaw - malinaw na kung sino’ng unang hihingi ng tawad - siya ang - siya’ng - SIR. Anak ko...Anak KO - Sige. Sige. Sino? Sino’ng mauuna? Kami? Kami? Unang ginawan ng mali, una ring dapat humingi ng tawad.
IYON BA?

GURO

Hindi ko ho alam.

MAGULANG

Kung ikaw. Kung ikaw ang nasa. Lugar ko. Ano'ng gagawin mo?

GURO

Sir?

(Matagal na puwang.)

GURO (cont'd)

Ilalabas ko ho lahat ng galit ko. Poprotektahan ko ang anak ko, kahit kapalit ang lahat. Kahit sariling buhay ko. Lalaban ako. Sisiguraduhin ko, hindi nila masasaktan ang anak ko. Dahil alam kong tama ako. Alam ko, nasa tama ang anak ko. Tapos aasa na lang ako na totoo nga. Sa huli na lang tayong lahat magkapatawaran.

MAGULANG

(Sotto voce)

Sir - u -

(Matagal na katahimikan, magkakatinginan silang dalawa.)

MAGULANG

Uuwi na ho ako.

(Mula sa labas, maririnig natin ang TINIG NG MGA BABAENG GURO, at ng ISANG LALAKI, nagsasalita nang malakas.

Titingin ang Guro at ang Magulang sa pinto.)

GURO

Nandiyan ho yata si Mr. De los Santos. Sir – dito lang ho muna kayo.

(Lalabas ang Guro.

Ilalabas ng Magulang ang kaniyang cellphone, at tatawag.)

MAGULANG

(sa cellphone)

Mahal...? Kamusta si Ahmad?...Mahal – oo, nasa office ni – ni Sir Arevalo...oo, hindi ko pa – Oo. Mahal. Mahal – na – namatay na kanina pang one o'clock ang bata – 'yung – oo – si John Paul. Ma – huwag. Huwag muna. Hintayin ni'yo 'ko d'yan. Ipatawag mo si Atty. Barre – Oo.

(Habang nagsasalita ang Magulang sa cellphone, hindi niya mamamalayang lumakas ang usapan sa labas. Halos sumisigaw ang TINIG NG LALAKI, maririnig nating nagmumura, nagsasabi ng, “Nasaan siya! I will talk to him! Ilabas ni’yo siya!”)

MAGULANG (cont’d)

They promised na tutulungan nila tayo. I trust Mr. Areva – Oo. No. Hindi, hindi. Walang – walang kasala – NO, MAHAL. HINDI KRIMINAL ANG ANAK NATIN.

(Papasok uli ang Guro, mediyo gulanit ang suot niyang polo. Agad niyang ipipinid ang pinto.)

GURO

Mr. Samporna, huwag ho muna kayong aalis. Nagpapatawag na ho kami ng security –

MAGULANG

Bakit –

GURO

Of course, Sir, natural lamang ho na –

MAGULANG

Kakausapin ko siya –

GURO

Sir, I don't –

(Bubuksan ng Magulang ang pinto upang lumabas – maririnig nating lumakas ang sigaw sa labas – haharang ang Guro sa pagitan ng Magulang at ng LALAKI SA LABAS – ngunit -

BANG.

May isang putok ng baril.

Nabaril ang Magulang sa dibdib. Mamamatay siya habang inaakay ng Gurong hindi malaman ang gagawin ni maintindihan kung ano ang nangyayari.

Ingay ng hiyawan, tinig ng mga lalaki at babaeng guro sa labas.)

WAKAS